REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
Telephone no. 861-0181/Fax: 862-6473
Email address: sangguniangpanlungsod2k19@gmail.com

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD. 2020-278

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PASASALAMAT SA TUNGCHINGCO MANUFACTURING CORPORATION SA PAGKAKALOOB NG SUPORTA, TULONG AT DONASYON SA PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA PARA SA MGA TAGA-MUNTINLUPEÑO SA PANAHON NG PANDEMIC COVID-19.

****

Ipinanukala nina: ***Kgg. Punonglungsod Mggl. Jaime R. Fresnedi***
Kgg. Pang. Punonglungsod Artemio A. Simundac
Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro
Kgg. Kon. Alexson V. Diaz
Kgg. Kon. Paty Katy C. Boncayao-VIA ZOOM
Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga
Kgg. Kon. Ting Niefes
Kgg. Kon. Stephanie G. Teves-VIA ZOOM
Kgg. Kon. Ivee Rhia A. Tadefa
Kgg. Kon. Inhr. Marissa C. Rongavilla-VIA ZOOM
Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes
Kgg. Kon. Ma. Dhesiree G. Arevalo-VIA ZOOM
Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.
Kgg. Kon. Inhr. Arlene D. Hilapo
Kgg. Kon. Cornelio M. Martinez
Kgg. Kon. Walter A. Arcilla

****

SAPAGKAT, noong **Marso 12, 2020** ang **World Health Organization (WHO)** ay nagpahayag na ang COVID-19 ay isang pandemya kung kaya't inilagay ng Pamahalaang Nasyonal ang kabuuan ng Luzon at ibang lugar sa bansa sa ilalim ng ***Public Health Emergency;***

SAPAGKAT, dahil sa Public Health Emergency, inilagay sa ilalim ng Enhanced Community Quarantine (ECQ) ang buong National Capital Region at ilang probinsya upang malimitahan ang paggalaw o paglabas ng mga tao sa kani-kanilang mga tahanan;

SAPAGKAT, bunsod ng Enhanced Community Quarantine (ECQ) ay maraming bahay-kalakal, negosyo at hanapbuhay ang pansamantalang tumigil na nakaapekto sa pang-ekonomiyang aspeto ng pamumuhay at nagdulot ng pagkiling ng batas ng suplay at pangangailangan;

SAPAGKAT, sa panahon ng kagipitan, sakuna at pandemya ay nasusubok ang pagkabayani ng lahing Filipino kung saan ang iba't-ibang kumpanya, asosasyon, foundations, non-government organizations at indibidwal ay nagtulong-tulong upang maibsan ang kakulangan at pangangailangan na dulot ng pandemya;